Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY
DATE: 9-7

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-18 NG AGOSTO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
(nasa opisyal na pakikipag-ugnayan)
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 189-T'99

KAPASIYAHANG BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN AT PAMBAYANG INGAT-YAMAN LETICIA R. ALCALA NA MAKIPAG-UGNAYAN/MAKIPAGTRANSAKSYON SA MERALCO HINGGIL SA PAG-IINSTILA, PAGBABAGO NG AYOS, PAGLILIPAT AT PAGHIHIWALAY NG METRO NG MERALCO SA MUNICIPAL ACTION CENTER AT SA IBA PANG GUSALING PAG-AARI NG BAYANG ITO.

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ng Pambayang Inhinyero na makipag-ugnayan/makipagtransaksyon sa Meralco, ayon sa mga layuning nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** layunin nitong matiyak na pananagutan ng pamahalaang bayan na bayaran sa Meralco ang nagamit na kuryente na nakonsumo ng mga gusaling pag-aari nito para sa paglilingkod sa pamayanan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at Jaime Alexander T. Calupitan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na bigyan ng kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban at Pambayang Ingat-Yaman Leticia R. Alcala na makipag-ugnayan / makipagtransaksyon sa MERALCO hinggil sa pag-iinstila, pagbabago ng ayos, paglilipat at paghihiwalay ng metro ng Meralco sa Municipal Action Center at sa iba pang gusaling pag-aari ng bayang ito, para sa paglilingkod sa pamayanan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Inhinyero at Meralco, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

9/6/91

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE 9-7
LAGUNA